Republic of the Philippines
Department of Education
CORDILLERA ADMINISTRATIVE REGION
Wangal, La Trinidad, Benguet

RELEASED
NOV 02 2016
DEPED-CAR Time:_____

PANREHIYONG MEMORANDUM
Blg. 319 s. 2016

Para sa : Tagapamanihala ng mga Paaralang Pansangay
Pinuno ng mga P ubliko at Pampribadong Paaralang Elementarya

Mula kay : **SORAYA T. FACULO**
**OIC-Panrehiyong Direktor**

Paksa : **PANREHIYONG PALIGSAHAN SA ISPELING: IISPEL MO!**

Petsa : Oktubre 25, 2016

1. Kaugnay sa DepEd Advisory No. 213, s 2016 bilang pag-alinsunod sa Utos Pangkagawaran Blg.8, s. 2013, ang Kagawaran ng Edukasyon-CAR ay magdaraos ng Panrehiyong Paligsahan sa Ispeling: Iispel Mo! sa lahat ng dibisyon na gaganapin sa bulwagan ng Stephen Capuyan , Wangal, La Trinidad sa Nobyembre 18, 2016 sa ganap na ika-8:00 ng umaga.

2. Layunin ng pagdiriwang ang mga sumusunod:
   a. patuloy na maitaguyod ang paligsahang lilinang sa kakayahan ng mga mag-aaral patungo sa pagpapataas ng antas ng kalidad ng wikang Filipino;
   b. malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa wastong ispeling ng mga salita na sumusunod sa bagong ortograpiyang pambansa; at
   c. mapalaganap nang malawakan ang mga napapanahong kaalaman sa wikang Filpino

3. Ang mga kalahok sa paligsahang ito ay ang mga mag-aaral sa Baitang 6 sa mga paaralang publiko at pribado.

4. Ang inaasahang dadalo sa aktibidades na ito ay isang mag-aaral, ang coach at ang tagamasid pansangay sa Filipino.

5. Ang mag-aaral na nagkamit ng unang puwesto sa dibisyon ang siyang kakatawan sanationlevel ng paligsahan.

6. Ang agahan, miryenda, pananghalian, at akomodasyon ay manggagaling sa pondo ng rehiyon subalit ang gagastusin sa pamasahe papunta at pabalik sa dibisyon ay manggaling sa pondong lokal, pondo ng paaralan o anumang ibang maaaring pagkukunan ng pondo alinsunod sa mga panuntunan sa pagsusuma at pag-oodit.

7. Para sa pamantayan ng paligsahan, mangyaring pakikita ang nakakabit na sipi para sa inyong patnubay.

8. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito.